

Tala: 1

Abdominal Aortic Aneurysm Repair(includes abstract) Fucci MJ; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052422

Abstract: Ang aorta ang pinakamalaking artery sa katawan. Ang bahagi ng aorta sa tiyan ang nagdadala ng dugo sa tiyan, pelvis, at mga binti. Minsan nanghihina ang mga dingding ng aorta at umuumbok sa isang bahagi. Gumagawa ito ng abdominal aortic aneurysm (AAA). Ang mga AAA ay kadalasang resulta ng atherosclerosis (paninigas ng mga artery) kasama ng alta presyon . Kailangan ang operasyon kapag lumaki ang AAA o pumutok.

[View English](#)

Database:

Consumer Health Information -- Tagalog

Abdominal Aortic Aneurysm Repair


(AAA)

ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang aorta ang pinakamalaking artery sa katawan. Ang bahagi ng aorta sa tiyan ang nagdadala ng dugo sa tiyan, pelvis, at mga binti. Minsan nanghihina ang mga dingding ng aorta at umuumbok sa isang bahagi. Gumagawa ito ng abdominal aortic aneurysm (AAA). Ang mga AAA ay kadalasang resulta ng atherosclerosis (paninigas ng mga artery) kasama ng alta presyon . Kailangan ang operasyon kapag lumaki ang AAA o pumutok.

Abdominal Aortic Aneurysm

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Torso
- Bahagi ng tiyan

Mga Dahilan para sa Proseso

Ginagawa ang operasyon upang ayusin ang AAA kapag:

- Nagdudulot ang aneurysm ng pisikal na mga sintomas, gaya ng pananakit ng tiyan
- Umabot na ang aneurysm sa sukat na limang sentimetro pahalang, o patuloy na lumalaki nang isa o higit pang sentimetro sa 6-12 na buwan

- Masusing sinusubaybayan ang mga aneurysm na mas maliit sa limang sentimetro, ngunit madalas na hindi inaayos sa pamamagitan ng operasyon
- Pumutok na ang aneurysm
 - Dapat kaagad na maisagawa ang operasyon o maaaring ikamatay ang pagputok
 - Kabilang sa mga sintomas ng pagputok ang biglaan, napakatinding pananakit sa likod o ibabang bahagi ng tiyan, at mababang presyon ng dugo, minsan humahantong sa shock

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Agarang operasyon dahil sa pumutok na aneurysm
- Malubhang pagdurugo
- Mababang presyon ng dugo
- Shock
- Sakit kaugnay ng puso, kabilang ang angina o nauna nang atake sa puso
- Cerebrovascular disease, kabilang ang nauna nang pangyayari ng transient ischemic attacks
- Naroroon nang sakit sa baga
- Panghihina dahil sa cancer
- Diabetes
- Labis na katabaan

Anong Maaasahan

Nag-iiba ang proseso. Maaaring gawin bago ang pagputok (pag-iwas) o pagkatapos ng pagputok (emergency). Binalangkas dito ang prosesong pag-iwas.

Bago ang proseso

Malamang na isasagawa ng iyong doktor ang ilan o lahat ng mga sumusunod:

- CT scan —isang tipo ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga larawan ng mga bahagi sa loob ng tiyan
- MRI scan —isang pagsusuring gumagamit ng mga magnetic waves upang gumawa ng mga larawan ng mga bahagi sa loob ng tiyan
- Ultrasound ng tiyan
- Electrocardiogram (ECG, EKG)—isang pagsusuring nagtatala sa pagtibok ng puso sa pamamagitan ng pagsukat sa mga kuryenteng dumadaan sa kalamnan ng puso
- X-ray ng dibdib

Sa araw ng operasyon, bibigyan ka ng iniiniksiyong antibiotic (sa ugat). Maaari ding bigyan ka ng pampadumi o enema upang malinisang ang bituka.


Anesthesia

General anesthesia

Paglalarawan sa Proseso

Ginagawa ang isang hiwa mula sa buto ng dibdib hanggang sa ibaba ng pusod. Iniipit ng doktor ang aorta sa bahagyang itaas at ibaba ng aneurysm. Tinatanggal ang namuong dugo sa loob. Itinatahi ang artificial graft gawa sa Dacron sa normal na aorta sa magkabilang bahagi kung saan nanggaling ang aneurysm. Pagtapos ay tatanggalin ang mga pang-ipit. Isinasara ng mga tahi ang sugat.

Abdominal Aortic Aneurysm Surgery



*Itinatahi ang artificial graft sa aorta.
© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

Pagkatapos ng Proseso

Ipadalala ka sa intensive care unit para masubaybayan. Lalagyan ka ng mga catheter, kabilang ang sumusunod:

- Urinary catheter—susubaybayan ang lumalabas na ihi
- Arterial catheter—susubaybayan ang presyon ng dugo
- Central venous catheter—susubaybayan ang pressure sa puso
- Epidural catheter—magbibigay ng gamot sa pananakit
- Nasogastric tube—ipinapasok sa pamamagitan ng ilong papunta sa sikmura upang tanggalin ang mga secretion at magbigay ng nutrisyon hanggang bumalik sa normal ang gamit ng iyong mga bituka

Gaano Katagal Ito?

4-6 na oras

Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang sakit habang inooperahan.

Mga Posibleng Kumplikasyon

May panganib sa anumang operasyon. Maaaring mangyari ang impeksiyon, pagdurugo, o mga problema sa general anesthesia .

- Labis na pagdurugo
- Pinsala sa ureters
- Kidney failure
- Nabawasang dami ng dugo sa spinal cord
- Pagkamatay

Karaniwang Pananatili sa Ospital

Nag-iiba ito at ipapasiya ng iyong doktor.

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

Pagkatapos ng operasyon, maaari kang dahan-dahan bumalik sa normal na mga gawain. Kakailanganin mong pangasiwaan ang anumang mga nagbibigay panganib o kondisyon upang maiwasan ang iba pang mga problema. Dapat mapangasiwaan ang atherosclerosis at alta presyon sa pamamagitan ng gamot at wastong uri ng pamumuhay.

Resulta

Sa pangkabuuan maganda ang resulta ng preventive AAA surgery para sa mga taong malulusog. May 50% tsansang mabuhay sa agarang operasyon upang ayusin ang pumutok na AAA, dahil sa mabilis na pagkawala ng dugo.

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido sa hiwa
- Ubo, kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, o labis na pagduduwal o pagsusuka
- Pananakit, paghapdi, pagkaramdam na ihing-ihing, o madalas na pag-ihing, o tuluy-tuloy na pagdurugo sa ihing

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Número ng Item: 2010052422